

## Mga Angkla sa Gitna ng Unos

A Lord's Flock General Assembly Topic  
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder  
May 16, 2020

Manatiling kalmado. Humawak nang mahigpit sa Panginoon. Ganito ang dapat gawin kung hinahagupit tayo ng malakas na unos, dahil ang Diyos ay ating angkla. Gaya rin ng mga mandaragat, kung nadaratnan sila ng malakas na unos sa gitna ng karagatan, ibinababa nila ang angkla para hindi matangay ng malakas na hangin ang sinasakyang barko.

Sa kasalukuyan, binabayo rin tayo ng bagyo ng kahirapan, kawalan ng trabaho, matinding gutom atbp. dahil sa epekto ng CoVid 19. Gaya ng mga mandaragat, ihulog din natin ang mga angkla ng buhay para maligtas tayo sa hagupit ng bagyo.

**Pagbasa: Gawa 27: 21-25** : Ang Paglalayag ni Pablo Patungong Roma

### Mga angkla sa gitna ng unos

#### 1. Angkla ng Presensiya ng Panginoon (Anchor of Presence of God)

Kapag nasa atin ang Panginoon, hindi tayo makararamdam ng pagkabahala at pagkatakot. Ipinangako ng Diyos sa atin na hindi Niya tayo iiwan.

- "Nagpakita sa akin kagabi ang isang anghel ng Diyos" (**Gawa 27: 23**).
- "Pararangalan ng Ama ang sinumang naglilingkod sa akin" (**Juan 12:26**).
- "Kasama ko kayo hanggang sa katapusan ng sanlibutan" (**Mateo 28:20**).
- "Hindi kita iiwan ni pababayaang man" (**Hebreo 13:5**).
- "Doon ako sa templo mo lalagi at mananahan" (**Awit 23:6**).

#### 2. Angkla ng mga Pangako ng Panginoon (Anchor of God's Promise)

Ang salita ng Diyos ay walang hanggan. Lahat ng pangako Niya ay hindi magbabago noon, ngayon at bukas. Nasa gitna man tayo ng unos sa ngayon, manalig at sisikat din ang araw bukas. Kapit lang sa Kanyang mga pangako. "Huwag kang matakot, Pablo!" (**Gawa 27: 24**).

- "Mangyayari ang lahat ayon sa sinabi Niya sa akin" (**Gawa 27: 25**).
- "**Mapalad** ang mga pinag-uusig sapagkat makakasama sila sa kaharian ng Diyos" (**Mateo 5:10**)."
- "Magdiwang kayo sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit" (**Mateo 5:11-12**).
- "Matutupad ng Diyos ang kanyang pangako" (**Roma 4:21**).
- "Ang tulong ko'y sapat sa lahat ng pangangailangan mo" (**2 Cor 12:9**).

#### 3. Angkla ng katapangan (Anchor of Courage)

Matapang ang nagsasabuhay ng salita ng Diyos dahil hindi inaalintana ang resulta nito.

- "Ako'y sasaiyo. Huwag kang matakot" (**Isaias 41: 10**).
- "Walang maaano isa man sa inyo" (**Gawa 27: 22**).

Mga halimbawa ng mga tao sa Bibliya na nagpakita ng katapangan:

- David – lumaban kay Goliath
- Daniel - hindi pumayag na yumuko sa mga
- ginawang diyos-diyosan
- Elijah- humarap sa mga propeta ni Baal
- Job- nagkaroon siya ng mga pigsa sa buong katawan
- Moses ipinagtanggol niya ang mga Israelita sa harap na Faraon

Maging matapang sa pagharap sa mga pagsubok na dumarating sa atin. Kausapin ang Diyos sa tuwi-tuwina, humingi ng awa, at patnubay para hindi maligaw.

#### 4. Angkla ng Gabay/Patnubay ng Diyos (Anchor of Providence of God)

Sa pagharap sa unos ng buhay, ang Kanyang mga salita lamang ang magiging gabay natin.

- "Hindi madali ang sumunod sa Panginoon; kailangang mamatay ka sa iyong sarili" (**Roma 6:11**).
- "At ipaalam ko sa kanya ang lahat ng dapat niyang tiisin alang-alang sa akin" (**Gawa 9:16**).
- "Pagtiisan mo ang mga kahirapang dumarating sa iyo" (**2Timoteo 4:5**).

#### 5. **Angkla ng Kalinga (Anchor of Protection)**

“Ikaw ang pag-asa ng mahihirap, kublihan ng mga nasa kagipitan. Silungan ng mga nasa gitna ng init at ulan. Sa harap mo’y mabibigo ang marahas, Parang hanging bumabayo sa matibay na muog **(Isaias 25:4).**”

- “Puspusan akong lumaban. Natapos ko na ang dapat kong takbuhin. Nanatili akong tapat sa pananampalataya. Kakamtan ko na ang korona ng tagumpay” **(2 Timoteo 4:7-8).**
- “Maging matibay hanggang sa dulo” **(2 Cor 1:5-7).**

#### 6. **Angkla ng Pagganap ng Diyos (Anchor of Performance of God)**

Sasamahan tayo ng Diyos sa gitna ng unos at dadalhin Niya tayo sa ligtas na daungan. Kaya’t hawakan nating mahigpit ang kamay Niya para hindi tayo matangay ng agos. Sa katunayan, ang paghihirap natin sa buhay ay mga pagsubok ng Diyos. Kailangang mapagtagumpayan natin ang mga pagsubok na ito. Para mapagtagumpayan ang anumang pagsubok na darating sa ating buhay, manatili tayo sa barko ng Diyos. Walang imposible sa Kanya. “Ang pag-ibig ko’y hindi magbabago” **(Isaias 54:10).**

**Panghawakan natin ang mga pangako ng Diyos na hindi Niya tayo pababayaan.**

Nandito ang Diyos para protektahan tayo.

Nandito ang Diyos para tustusan tayo.

Nandito ang Diyos para suportahan tayo.

Nandito ang Diyos para pagalingin tayo.

**Transcriber/Writer:** Sis. Nida Cruz

**Edited by:** Sis Vera I. Tuplano

**Printing Sponsor :**